DSWD
Department of Social Welfare and Development

MAAGAP at MAPAGKALINGANG SERBISYO!



# Sana lahat ng bata tulad ko...

## Praymer ukol sa mga Karapatan, Batas at Programa para sa mga Batang Manggagawa, kanilang Pamilya at Komunidad

**Editors**
ASec. Aleli B. Bawagan
Dir. Cezario Joel C. Espejo
OIC-Dir. Helen Y. Suzara
Ina Alleco R. Silverio
Rebecca B. Ballesteros

**Design and Lay-out**
**Graphic Editor**
Ivan P. Layag

**Illustration**
Edward D. Gonzales
Kristine Z. Solloso

**Produced by**
Social Technology Bureau
Social Marketing Service



# Alamin, Kumilos, Tumulong Para sa #1MBatangMalaya



# Acknowledgements

The Department of Social Welfare and Development (DSWD) would like to extend its most sincere gratitude and appreciation to our DSWD Regional Offices IV-A, V, VIII and our SHIELD partners for participating in the IEC Development Writeshop and developing this primer:

- Department of Labor and Employment (DOLE)
- International Labor Organizations (ILO)
- Ban Toxics
- Ecumenical Institute for Labor Education and Research (EILER)
- Philippine Information Agency (PIA)
- Exodus from Child Labor to Integration, Play, Socialization and Education (ECLIPSE)
- Federation of Free Workers (FFW)

Acknowledgement is also given to the following personnel who conducted and assisted in the conduct of the pre-testing of the materials in the communities:

- Patricia M Medina, DSWD- Social Marketing Service
- Richard S. Caparoso, DSWD- Social Marketing Service
- Camille Rose A. Ignacio, DSWD- Social Marketing Service
- Amy Colorico, DSWD Field Office IV-A
- Maria Cristina So-Samson, DSWD Field Office V
- Marichu E. Bustillos, DSWD Field Office VIII
- Edizon R. Cinco, DSWD Field Office VIII

We likewise acknowledge our local partners, the Local Government Units of Kananga, Leyte and Catanauan, Quezon, for facilitating and participating in the pre-testing of the primer.

We are also grateful to Assistant Secretary Aleli B. Bawagan, Director Cezario Joel C. Espejo, OIC Director Helen Y. Suzara, Ina Alleco Silverio, and Edward D. Gonzales for providing substantial inputs and guidance in the development and finalizing this primer.

Most importantly, to all the child laborers, who served as the inspiration for the development of this material.





# Message from the OIC - Secretary

According to a 2011 Survey on Children by the Philippine Statistics Authority (PSA), there were 2.1 million child- laborers in the country at the time of the survey. In the 2015 study of the Ecumenical Institute for Labor Education Research (EILER), 22.5 percent of households have child workers. The Trade Union Congress of the Philippines earlier in 2017 mentioned that the country employs 5.5 million child- laborers. Children work in farms and plantations, in dangerous mines, in the pyrotechnics industry, on the streets, in factories, and in private homes as child domestic workers. Agriculture also remains to be the sector where most child laborers can be found at 58%. We have confirmed this data in our own National Household Targeting System (NHTS) database which shows that there are 85,570 child laborers documented to work in farming/ agriculture, in construction, manufacturing, deep-sea fishing, domestic work and mining.

These numbers show that child labor is prevalent in our country. The Philippines has long been trying to address child labor, a social malaise that stems from the vicious cycle of poverty. It is a complex social concern which necessitates a comprehensive and sustainable response from the government, non-government organizations, academe, civil society organizations, and the general public as well. The numbers prove that more should still be done in the campaign against child labor. We, therefore, should have a better response than what we had before.

There is no time to lose when it comes to our collective efforts to combat the widespread problem of child labor in the Philippines.

There are already ongoing efforts to help parents to secure gainful and sustainable employment, and these efforts should be complemented with programs to help their children. Because of widespread and deep-seated poverty in the Philippines, so many children are forced to forego their childhood and become workers in factories, mines, plantations so they can earn pittance wages they can give to their parents. We should all work together to bring an end to child labor and help children recover their childhood.

We must unite with the national government and other concerned agencies in their efforts to respond directly to poverty, too, must provide an appropriate intervention to put a stop to this social ill of making children work for the family's needs.

We must immediately and urgently rally to respond to this concern because as the problem is unabated, children continue to be violated a thousand fold, especially those child laborers engaged in backbreaking and hazardous work.

It is a very positive development that the DSWD's Social Technology Bureau (STB) has begun to implement the project "Strategic Helpdesks for Information, Education, Livelihood and other Developmental Interventions", or SHIELD. This is the first comprehensive project of DSWD on child labor. Through SHIELD, we envision the efforts against child labor to strengthen all the way down to the community level.

Moreover, the Department has also developed the Module on Child Labor for the Family Development Sessions of the Pantawid Pamilyang Pilipino Program. We will focus on educating poor families about the long term effects of allowing their children to work at an early age.

While we have these initiatives, the very essence of this activity is CONVERGENCE. There is a serious need for us to converge our actions, systems, and processes if we want a holistic response that will stand the test of time.

Finally, it has to be stated that the laws that criminalize child labor should be enforced more stringently. We need to rescue children who have become child laborers and help them and their parents build more stable, not to mention safer lives. The children belong in school – we must help them be children and enjoy the rights that all children should enjoy in a just and compassionate society.

Congratulations to everyone behind SHIELD which is a noble effort to extend the much needed "Maagap, Mapagkalinga, Kumpleto at Pangmatagalang Serbisyo para sa ating mga kabataan." Let us fight child labor and help our people battle poverty on all levels so they themselves can help their own children. Let's unite for a more humane and compassionate society for our children.

*Emmanuel A. Leyco*

**EMMANUEL A. LEYCO**
*Officer-in-Charge*
*DSWD*



# Gusto ko lahat ng bata ay masaya tulad ko. Kaya lang, pwede ba?

Ako si Pot-pot, 10-taong gulang at ipinanganak sa isang masayang pamilya. Sina Tatay at Nanay ay may maayos na trabaho kaya napag-aaral nila ako. Kasama ng aking mga kapatid, nakatira kami sa isang maayos na tahanan at kabilang sa isang payapa at tahimik na pamayanan.

Sa aking edad, malusog ako at may aktibong katawan. Masaya akong nakakapaglaro at nakakapaglibang pagkatapos ko pumasok sa paaralan.

Sabi ng guro ko, pinapangalagaan daw ng pamahalaan ang mga batang tulad ko mula sa panganib at pang-aabuso. Ako rin daw ay malayang makakapag-pahayag ng aking mga pananaw.

Nararamdaman ko na mahal ako ng mga magulang ko. Si Nanay, tinuruan akong mangarap. Si Tatay naman, tinuruan akong maging mabuti sa kapwa at tumulong sa komunidad.

# 10 Karapatan



**1** Karapatang maisilang, magkaroon ng pangalan at nasyunalidad.



**2** Magkaroon ng tirahan at pamilyang mag-aaruga.



**3** Maniraha
payapa a
pamayan



**6** Mapaunlad ang kakayahan.



**7** Mabigyan ng pagkaka-taong makapaglaro at makapaglibang.



**8** Mabigyan
laban sa
panganib

# ng mga bata



an sa isang
at tahimik na
nan.



n ng proteksyon
pang-aabuso,
at karahasan.



4 Magkaroon ng sapat na pagkain; malusog at aktibong katawan.




9 Maipagtanggol at matulungan ng pamahalaan.



5 Mabigyan ng sapat na edukasyon.



10 Makapagpahayag ng sariling pananaw.




Ayon sa datos, mayroong 2.1 milyong bata na sa edad lima hanggang 17 pa lamang ay nagtatrabaho sa mga mapanganib na industriya (PSA, 2011). Kabilang sa mga mapanganib na industriyang ito ay ang mga plantasyon, minahan, pagawaan ng paputok at mga pabrika. Makikita din ang mga batang manggagawa sa kalsada at sa mga pribadong pamamahay kung saan naninilbihan ang mga bata bilang kasambahay.

Naitala naman ng National Household Targeting System o Listahanan noong 2016 na mula sa 85, 570 bilang ng mga batang nagtatrabaho sa mapanganib na industriya, ang pinakamalaking porsyento ng mga bata ay nagtatrabaho sa industriya ng pagsasaka o sektor ng agrikultura.

Sana lahat ng bata katulad ko, napapangalagaan ang karapatan, sinusuportahan, at minamahal.

Sabi nga ng ating pambansang bayani na si Dr. Jose Rizal, 'Ang kabataan ang pag-asa ng bayan'. Pero paano magiging pag-asa ng bayan ang kabataan kung ang karapatan ng marami sa amin ay hindi kinikilala o ginagalang?





Kawawa naman silang mga kapwa ko bata na sa murang edad ay nagtatrabaho na sa mga mapanganib na industriya. Buti na lang at mayroong batas na nagpoprotekta sa amin mula sa pagtatrabaho sa mga industriyang ito. Tara, sabay-sabay nating alamin ang mga nilalaman ng batas na ito!

# REPUBLIC ACT 9231:

## AN ACT PROVIDING FOR THE ELIMINATION OF THE WORST FORMS OF CHILD LABOR AND AFFORDING STRONGER PROTECTION FOR THE WORKING CHILD, AMENDING FOR THIS PURPOSE REPUBLIC ACT NO. 7610, AS AMENDED, OTHERWISE KNOWN AS THE "SPECIAL PROTECTION OF CHILDREN AGAINST CHILD ABUSE, EXPLOITATION AND DISCRIMINATION ACT"

Ang batas na ito ay naipasa noong 2003 sa ilalim ng panunungkulan ni dating Pangulong Gloria Macapagal Arroyo.

Ito ang mga nilalaman ng batas:

## Anong edad ang saklaw ng pagiging bata?

Sila ang mga may edad 17 taong gulang paibaba.

## Ano ang *child labor*?

Anumang uri ng trabaho ng isang bata na maaaring mapanganib o makasasama sa kanyang kalusugan at kaligtasan o makakaapekto sa kanyang kaisipan at pisikal na paglaki. Ang mga batang biktima ng *child labor* ay tinatawag na *child laborers.*

## Ano ang *worst form of child labor* o pinakamalalang uri ng child labor?

Ang mga batang wala pang 18 taong gulang ay hindi pinapayagang magtrabaho sa ano mang pinakamalalang uri ng *child labor*. Hindi din sila maaring gawing endorser ng mga produktong may kinalaman sa alak, sigarilyo, pagsusugal, karahasan, at pornograpiya.

Kabilang dito sa mga mapanganib na trabaho para sa mga bata ang pagtatrabaho sa minahan, agrikultura, pagawaan ng paputok, *deep-sea fishing* at iba pa.

Kabilang din ang iligal na pagrekrut o pagkuha ng mga bata, pagtulak sa kanila na mapasok sa prostitusyon at pornograpiya, paggamit ng bata sa armadong tunggalian, at iba pang iligal na gawain.



# Ano ang *child work?*

Tumutukoy ito sa trabahong pinapayagang gawin ng mga bata sa ilalim ng ilang mga kondisyon. Ang mga batang nagsasagawa ng mga trabahong ito ay tinatawag na *working children*.

Ang mga batang nasa 15 hanggang 17 taon ay maaari lang magtrabaho kung ang uri ng trabaho ay hindi mapanganib o makasasama sa kanilang kalusugan at kaligtasan o makakaapekto sa kanilang kaisipan at pisikal na paglaki.

Ang mga batang wala pang 15 taong gulang ay maaaring magtrabaho kung sila ay nasa ilalim ng pangangalaga ng kanilang mga magulang at pawang mga miyembro ng pamilya lang ang mga kasama. Ang uri ng trabaho ay dapat hindi mapanganib o makasasama sa kanilang kalusugan at kaligtasan o makakaapekto sa kanilang kaisipan at pisikal na paglaki. Sila ay dapat mayroong *work permit* mula sa Department of Labor and Employment (DOLE).

Ang mga batang wala pang 15 taong gulang ay maaring magtrabaho para maging artista at *endorser* ng mga produkto sa iba't ibang uri ng midya tulad ng telebisyon, radyo, pelikula, teatro, dyaryo, *magazine* at *Internet*. Sila ay dapat mayroong *work permit* mula sa DOLE.



Ahhh..iyon pala ang ibig sabihin ng *child work* at *child labor.* Para mas lalo pa natin matandaan ang pagkakaiba ng mga katagang ito, narito ang karagdagang impormasyon:



| CHILD WORK | CHILD LABOR |
|---|---|
| Trabaho na naaayon sa edad at kakayanan ng bata | Trabaho na mabigat para sa edad at kakayanan ng bata |
| Trabaho na ginagawa sa limitadong bilang ng oras at hindi nakaka-sagabal sa pag-aaral, paglalaro, at pagpapahinga ng bata | Trabaho na ginagawa ng mahabang oras na umuubos sa panahong dapat ilaan sa pag-aaral, paglalaro, at pagpapahinga |
| Trabaho na nagpapa-ibayo pa sa pangkalahatang pag-unlad ng bata sa kanyang pisikal, mental, at emosyonal na kalagayan | Trabaho na nagdudulot ng kapagalan at pang-aabuso sa kalagayang pisikal, *mental*, at emosyonal ng bata |

*Mula sa Modyul Ukol sa Child Labor ng DSWD*

## Ilang oras maaaring magtrabaho ang isang bata?

Ang mga batang wala pang 15 taong gulang ay maaaring magtrabaho ng hindi hihigit sa apat (4) na oras sa isang araw, o 20 oras sa loob ng isang linggo. Hindi sila maaring magtrabaho mula 8:00 ng gabi hanggang 6:00 ng umaga.

Ang mga batang nasa 15 hanggang 17 taong ay maaring magtrabaho nang hindi hihigit sa walong (8) oras sa isang araw, o 40 oras sa isang linggo. Hindi sila maaring magtrabaho mula 10:00 ng gabi hanggang 6:00 ng umaga.

## Paano mapangangalagaan ang akses sa edukasyon at pagsasanay ng mga *working children*?

Ang bawat bata ay dapat may akses sa pormal at impormal na edukasyon o *Alternative Learning System (ALS)*. Sa lahat ng uri ng *child work* na nabanggit, ang employer ay dapat magbigay sa *working children* ng akses sa pangunahin at/o sekondaryang edukasyon. Hindi rin maaaring pagtrabahuhin ng *employer* ang mga bata tuwing oras ng pagpasok sa paaralan o tuwing araw ng pasukan.

Ang programa para sa patuloy na edukasyon at pagsasanay ng mga *working children* ay dapat iyong mga binuo at ipinapatupad ng Department of Education (DepEd) para sa pormal, impormal, at *alternative learning sytem* na edukasyon, o iyong mga binuo at ipinapatupad ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), alinman sa mga ito ang naangkop sa bata.



## Ano ang maaaring parusa sa mga lalabag sa batas?

| MGA LALABAG | MGA PAGLABAG | PARUSA |
|---|---|---|
| Employer | Kapag nagpatrabaho ng mga batang wala pa sa tamang edad ng paggawa, lumabag sa tamang oras ng paggawa ng mga bata, at ginawang *endorser* ang mga bata sa mga produkto tulad ng alak, sigarilyo, pagsusugal, karahasan at pornograpiya. | Pagkakulong ng anim (6) na buwan at isang (1) araw hanggang anim (6) na taon o multa ng hindi bababa sa P50,000 at hindi hihigit sa P300,000. Maaring parehong makulong at magmulta ayon sa desisyon ng korte. |
| Sinuman sa komunidad | Kapag nagpatrabaho ng mga bata sa *worst forms of child labor* o pinakamalalang uri ng *child labor*. | Magmumulta ng P100,000 at hindi hihigit sa P1,000,000 o di kaya ay pagkakulong ng hindi bababa sa 12 na taon at isang (1) araw hanggang 20 taon. Maaring parehong makulong at magmulta ayon sa desisyon ng korte. |
| Sinuman sa komunidad | Kapag nagsagawa ng iligal na pagrekrut o paggamit ng mga bata sa prostitusyon at pornograpiya, armadong tunggalian at iba pang iligal na gawain. | Mapaparusahan base sa mga nakasaad sa RA 9208 *o Anti-Trafficking Persons Act of 2003.* |

| | | |
|---|---|---|
| Sinuman sa komunidad | Kapag gumamit ng mga bata para sa mga gawaing may kinala-man sa iligal na droga. | Mapaparusahan base sa mga nakasaad sa *Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.* |
| Korporasyon kabilang ang mga opisyal nito | Kapag lumabag sa mga nakasaad sa RA 9231. | Mapaparusahan base sa mga nakasaad sa RA 9231 |
| Magulang o tagapangalaga ng bata | Kapag lumabag sa mga probisyon ng batas kaugnay sa tamang edad at oras ng pagtratrabaho ng bata. | Magmumulta nang hindi bababa sa P10,000 at hindi hihigit sa P100,000 o maaring magsagawa ng *community service* ng hindi bababa sa 30 araw at hindi hihigit sa isang (1) taon. Maaring parehong mag-*community service* at magmulta ayon sa desisyon ng korte. |

Salamat sa RA 9231 at napoprotektahan kaming mga bata mula sa *child labor.* Sana, sundin ng lahat sa komunidad ang batas na ito. Nalaman ko din na mayroon palang mga programa ang gobyerno at mga pribadong grupo para labanan ang child labor at maibalik ang mga kapwa ko bata sa eskwelahan.



## Anu-ano ang mga programa at serbisyo ng gobyerno upang labanan ang *child labor*?

Ang mga ahensya ng gobyerno at grupong bumubuo ng National Child Labor Committee sa pangunguna ng DOLE ay bumuo ng Philippine Program Against Child Labor Strategic Framework (PPACL) 2017 – 2022 na ang pangunahing misyon ay ibahin ang anyo ng pamumuhay ng mga *child laborers*, kanilang pamilya, at ng komunidad tungo sa isang C*hild Labor-Free Philippines*.

Ang PPACL ay naglalayong labanan ang insidente ng child labor sa pamamagitan ng pagbibigay ng panlipunang-proteksyon at pagbawi at pagbalik sa mga *child laborers* sa kanilang pamilya at komunidad.

### DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT

More than Jobs!
It's decent jobs.

- Pagpapatupad ng RA 9231 sa pamamagitan ng pagsasagawa ng assessment sa mga establisyemento
- Sagip Batang Manggagawa (SBM)
- DOLE Integrated Livelihood and Emergency Employment Program (DILEEP)
- Employment Facilitation Program
- Special Program for Employment of Students (SPES)
- Project Angel Tree
- Legal Assistance



## DEPARTMENT OF SOCIAL WELFARE AND DEVELOPMENT

- Protective Services (rescue and reintegration, pansamantalang tirahan sa mga centers at institution ng DSWD)
- Crisis Intervention (medical assistance, tulong pampaaral)
- Sustainable Livelihood Program (skills training, micro-enterprise development, employment facilitation)

## NATIONAL BUREAU OF INVESTIGATION

- Surveillance at pag-*rescue* sa mga *child laborers*
- Imbestigasyon at paghahain ng mga kaso ng *child labor*

## PHILIPPINE NATIONAL POLICE

- *Surveillance* at pag-*rescue* sa mga *child laborers*
- Imbestigasyon at paghahain ng mga kaso ng *child labor*

## DEPARTMENT OF EDUCATION

- Non-Formal Education
- Alternative Learning System (ALS)
- Formal School
    - Vocational
    - Modular
    - Distance Education

## TECHNICAL EDUCATION & SKILLS DEVELOPMENT AUTHORITY

- *Skills training* para sa mga *child laborers* at kanilang mga magulang
- Vocational education

## DEPARTMENT OF INTERIOR & LOCAL GOVERNMENT

- *Functionality* ng mga *local councils* para protektahan ang mga bata mula sa *child labor*

## DEPARTMENT OF AGRICULTURE

- Tulong pangkabuhayan para sa mga magulang ng *child laborers*

## Ano naman ang mga non-government organizations (NGOs) na may mga programa at serbisyo para labanan ang child labor?

### EXODUS FROM CHILD LABOR TO INTEGRATION, PLAY, SOCIALIZATION AND EDUCATION (ECLIPSE)

- Pagbibigay ng suportang pang-edukasyon para sa mga *child laborers*
- Pagmumulat at pagpapataas ng kamalayan ng mga *child laborers* at ng kanilang komunidad sa usapin ng child labor at mga karapatang pambata
- Pag-oorganisa sa mga *child laborers* bilang isang sektor na bahagi ng mga barangay children's associations (BCA), at pag-oorganisa ng mga BCA bilang pederasyon ng mga batang kasali sa pagdedesisyon at representasyon sa lokal na pamamahala
- Pagsusulong ng adbokasiya laban sa *child labor* at iba pang isyung pambata sa barangay, munisipyo o lungsod at probinsya sa pamamagitan ng paggawa ng mga polisiya at batas
- Pagtulong at pagbibigay ng suportang teknikal sa lokal na pamahalaan na umayon sa pamantayan ng *Child-Friendly Local Governance Audit* at maitayo ang mga gumaganang mekanismong magpoprotekta sa mga bata
- Pag-oorganisa ng mga *self-help groups* na kinabibilangan ng mga magulang ng mga child laborers upang mag-impok, mangasiwa ng pinansyal, at magtayo ng mga maliliit na negosyong tutugon sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan
- Pakikipag-ugnayan sa mga sibil na organisasyon at pribadong sektor upang hikayatin na tutulan ang child labor at lumikha ng mga regulasyon at alituntuning maka-bata at mga kampanyang nagsasagawa ng mga aktibidad para isulong ang mga karapatan ng mga bata

## ECUMENICAL INSTITUTE FOR LABOR EDUCATION AND RESEARCH (EILER)

- Pananaliksik at paglilimbag ng mga publikasyong may kinalaman sa *child labor*
- Pagbubuo ng kurikulum para sa Bata Balik-Eskwela Program, ang programang naglalayon mapabalik ang mga *child laborers* sa pag-aaral sa pamamagitan ng di-pormal na edukasyon o *Alternative Learning System*
- Paglulunsad ng mga konsultasyon hinggil sa disenyo ng proyekto

## BAN TOXICS

- Pagpapalaganap ng impormasyon at kaalaman na nakabase sa karapatang pantao kaugnay sa pagtatrabaho sa mga industriyang gumagamit ng kemikal
- Pagpapaunlad ng komunidad, partikular ang mga lugar na may presensya ng Artisanal at Small-Scale Gold Mining (ASGM) at pag-oorganisa sa kanila bilang isang sektor
- Paglulunsad ng mga kampanya hinggil sa pangangasiwa ng mga kemikal na magbibigay kamalayan, boses, at kapangyarihan sa mga gumagamit at kumukonsumo ng mga ito upang maitaguyod ang ligtas na paggamit ng mga kemikal at maitaguyod ang katarungang pangkalikasan

Upang lalo pang maprotektahan kaming mga bata mula sa *child labor*, ang DSWD, kasama ang ibang ahensya ng gobyerno, mga pribadong organisasyon, at ilang lokal na pamahalaan ay naglunsad ng proyektong tinatawag na SHIELD. Ano kaya ang proyektong ito?



# ANO ANG STRATEGIC HELPDESKS FOR INTERVENTION, EDUCATION, LIVELIHOOD AND OTHER DEVELOPMENTAL INTERVENTIONS O SHIELD?

Ang SHIELD ay isang proyekto ng DSWD sa pakikipagtulungan sa ibang ahensya na naglalayong tumulong na labanan ang *child labor*, partikular na ang mga pinakamalalang uri nito na isinasagawa ng mga batang nagtatrabaho sa mga sumusunod:

- bukid o plantasyon
- minahan
- pagawaan ng paputok
- mga pabrika
- kalsada
- mga pribadong pamamahay kung saan naninilbihan ang mga bata bilang kasambahay

## Bakit binuo ang proyektong SHIELD?

Ang DSWD, sa pamamagitan ng Social Technology Bureau (STB), ay nagsagawa ng isang pag-aaral tungkol sa pinaka-delikadong uri ng pagtatrabaho ng mga bata. Mula sa pag-aaral, nakalap ang mga sumusunod na impormasyon:

- Kahirapan ang pangunahing dahilan kung bakit pinapayagang magtrabaho ang mga bata sa mapanganib na mga industriya,
- Tulong pampa-aral ang pangunahing pangangailangan ng mga *child laborers,* at
- Kailangang magsagawa ng proyekto na data banking at maisaayos ang impormasyon patungkol sa mga child laborers sa buong bansa.

Batay sa mga impormasyon na ito, ang SHIELD ay tutugon upang:

1. Makapagtatag ng Child Labor Local Registry System (CLLR) o pagtatala ng mga child laborers sa komunidad upang alamin ang kasalukuyang bilang at sitwasyon ng mga batang ito;
2. Mapagtibay ang lokal na mga sistema at mekanismo upang mapagsama-sama ang mga serbisyo ng gobyerno at mga pribadong organisasyon para tulungan ang mga *child laborers* at kanilang pamilya sa pamamagitan ng pagtatatag ng Barangay Help Desk; at
3. Mapataas ang kamalayan at kapasidad ng mga *child laborers*, kanilang pamilya, at iba pang may mga tungkulin upang labanan ang *child labor*.

## Sinu-sino ang target ng SHIELD?

- *Child laborers* na nasa pinakamalalang uri ng pagtatrabaho;
- Pamilya ng *child laborers;*
- Komunidad sa napiling pilot areas;
- Mga lokal na pamahalaan at mga ahensya at NGOs na katuwang sa pagbibigay serbisyo sa *child laborers* at kanilang pamilya; at,
- Mga nagpapatrabaho ng *child laborers* tulad ng mga haciendero, kontratista, at namumuhunan.

## Saan ang *pilot areas* ng proyekto?

Tatlong rehiyon sa Pilipinas ang napili para paglunsaran ng proyekto. Ang mga rehiyong ito ay kabilang sa may pinakamataas na bilang ng mga *child laborers* ayon sa datos mula sa Survey on Children ng Philippine Statistics Authority

| **Rehiyon** | **Bilang ng *child laborers*** |
|---|---|
| IV – A (Catanauan, Quezon) | 218,400 (10.4%) |
| V (Labo, Jose Panganiban at Paracale, Camarines Norte) | 174,300 (8.3%) |
| VIII (Kananga at Ormoc, Leyte) | 147,000 (7%) |
| **Kabuuan** | **539,700 (25.7%)** |

## Paano isasagawa ang SHIELD?

Ang SHIELD ay may tatlong bahagi na ipapatupad sa tulong ng mga lokal na pamahalaan, iba't-ibang ahensya ng gobyerno, at mga NGOs.

**Unang Bahagi:**

Child Labor Local Registry (CLLR) o pagtatala ng mga *child laborers* sa komunidad – ito ay naglalayong kilalanin at alamin ang kasalukuyang sitwasyon ng mga *child laborers*. Ang impormasyon na makakalap ay gagamitin upang masusing masundan ang kalagayan ng mga bata at magiging batayan sa pagpaplano para sa pagbibigay ng tama at naayong serbisyo sa kanila.

**Pangalawang Bahagi:**

*Barangay helpdesk* para sa *child laborers* – ito ay matatagpuan sa Barangay Hall kung saan maaaring dumulog ang mga *child laborer* at kanilang pamilya para makakuha ng pinagsama-samang serbisyo na angkop sa kanilang pangangailangan. Kaakibat nito ang agarang pag-*refer* sa kanila sa iba't-ibang ahensya ng gobyerno upang malapatan ng tamang askyon.

**Pangatlong Bahagi:**

Pag-organisa, pagbibigay kaalaman, at pag-aangat sa antas ng kakayahan ng mamamayan – Ang bahaging ito ay tumutugon sa kakulangan ng kaalaman ng mga *child laborers*, kanilang mga magulang, at ng komunidad sa usapin ng *child labor*. Kasama dito ang pagbibigay impormasyon tungkol sa mga posibleng kapamahakan na maidudulot ng *child labor* sa mga bata at ang iba't-ibang batas na nagbabawal dito.

Sa ilalim nito, magsasagawa ng iba't-ibang adbokasiya at pagsasanay na kabibilangan ng mga *child laborers*, kanilang pamilya, lokal na pamahalaan, at mga ahensya ng gobyerno at pribadong grupo na maaring magbigay ng serbisyo.

Sana po ay matulungan ninyong protektahan ang mga kapwa ko bata laban sa *child labor*. Sana po lahat ng mga batang katulad ko ay nag-aaral at malayang nakakapaglaro.



Ang laban kontra sa *child labor* ay hindi lamang responsibilidad ng pamahalaan at ng mga pribadong organisasyon. Ang *child labor* ay dapat sama-samang labanan ng komunidad.

Alamin, kumilos, at tumulong. Labanan natin ang *child labor* at suportahan ang SHIELD project upang makamit ang layuning **#1MilyongBatangMalaya!**

Ang aklat na ito ay binuo ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) Social Marketing Service (SMS), Social Technology Bureau (STB), at SHIELD National Technical Working Group para sa mga implementer ng SHIELD against Child Labor Project, mga nagpapatrabaho ng child laborers at mga partner ng proyektong ito.

Ang SHIELD ay isang proyekto ng DSWD sa pakikipagtulungan sa iba't ibang ahensya na naglalayong tumulong na labanan ang child labor, partikular na ang mga pinakamalalang uri nito na isinisagawa ng mga batang nagtatrabaho sa mga bukid o plantasyon, minahan, pagawaan ng paputok, kalsada, mga pabrika, at mga pribadong pamamahay.

Layunin ng praymer na ito na ipaalam sa nakatakdang mambabasa ang mga karapatan ng mga bata, mga alituntunin na nakapaloob sa RA 9231 na dapat sundin ng mga employer, at ang mga programa at serbisyo ng DSWD at ng iba't ibang ahensya ng gobyerno at non-government organizations upang matugunan ang problemang ito.

Layon din ng aklat na ito na hikayatin ang publiko na ALAMIN. KUMILOS. TUMULONG. upang mawakasan ang child labor. Dahil ang problemang ito ay hindi lamang tungkulin ng iilan bagkus ng bawat isa. Kaya't magsama-sama tayong KUMILOS upang makamit ang #1MBatangMalaya!

DSWD
Department of Social Welfare and Development

MAAGAP at MAPAGKALINGANG SERBISYO!

#DSWDMayMalasakit #DSWDParaSaNakararami

dswdserves dswd.gov.ph

All Rights Reserved 2017

Developed by
SHIELD NATIONAL TECHNICAL WORKING GROUP